Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **BDO UNIBANK, INC.,** Mortgagee, against **ALEXANDER UY CARBONELL,** Debtor/Mortgagor, with postal addresses at (1) #2804 BSA Tower, Legazpi Street, Makati Cpo + Buendia Avenue, Makati City 1200; and, (2) Unit 3709, 37th Floor, The Livingstone Tower, Acqua Private Residences, Coronado Street, Barangay Hulo, Mandaluyong City 1550; to satisfy the mortgaged indebtedness which as of **April 24, 2026,** amounts to **ONE MILLION SEVEN HUNDRED FIFTY-EIGHT THOUSAND EIGHT HUNDRED THIRTY-TWO AND 16/100 PESOS (P1,758,832.16) ONLY** Philippine Currency, inclusive of interest, penalty and other charges, the Ex-Officio Sheriff of Mandaluyong City or his duly authorized deputy will sell at PUBLIC AUCTION to the HIGHEST BIDDER FOR CASH OR MANAGERS CHECK and in Philippine Currency on **30th day of July, 2026 at 9:00 A.M. or soon thereafter but not later than 12:00 P.M.** in front of the main entrance of the Mandaluyong City Hall, Maysilo Circle, Mandaluyong City, the following Condominium unit with all the improvements existing thereon to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. -008-2017010345-**
Registry of Deeds – City of Mandaluyong

**LIVINGSTONE TOWER**
**FLOOR NUMBER: 37**
**UNIT NUMBER: 3709**
**TOTAL UNIT AREA: 56.89 SQM**

**OF "AQUA PRIVATE RESIDENCES" CONDOMINIUM PROJECT**

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2011001017 which embraces and describes the land located at MANDALUYONG CITY with an area of (TWO THOUSAND SEVENTY TWO at (2,072)) Square Meter xxxxxxxxx.

"All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **August 06, 2026, 9:00 A.M.,** at the same time and place without further notice,"

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrances thereon, if any there be.

Mandaluyong City, Philippines, 08 June 2026.

FOR THE EX-OFFICIO SHERIFF
BY:

**(SIGNED)**
**WILLIAM T. CHENG**
Sheriff IV

Copy furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**
33rd Floor, BDO Corporate Center Oritigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City

**ALEXANDER UY CARBONELL**
(1)#2804 BSA Tower, Legazpi Street, Makati Cpo + Buendia Avenue, Makati City 1200; and,
(2)Unit 3709, 37th Floor, The Livingstone Tower, Acqua Private Residences, Coronado Street, Barangay Hulo, Mandaluyong City 1550

**WARNING:**

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriffs Sale on or before the date of Auction Sale under penalty of the law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: June 22, 29 & July 06, 2026**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

OFFICE OF THE EXECUTIVE JUDGE
rtc1pas154@judiciary.gov.ph

APPLICATION NO. 242 (2026-2027)

IN RE: PETITION FOR NOTARIAL COMMISSION

CHARLENE VIANCA A. FERNANDEZ,
Petitioner.
x---------------------------------x

## NOTICE OF HEARING

Notice is hereby given that a summary hearing on the petition for commission as Notary Public of ATTY. CHARLENE VIANCA A. FERNANDEZ for and in the City of Pasig shall be held on June 29, 2026 at Branch 154, 4th Floor, Hall of Justice Building, Regional Trial Court, City Hall Compound, Caruncho Avenue, Pasig City at 1:00 o'clock in the afternoon. Any person who has any cause or reason to object to the grant of the petition may file a verified written opposition thereto, received by the undersigned before the date of the summary hearing.

Pasig City, June 22, 2026.

**(SIGNED)**
**ACHILLES ARISTOTLE APOLINARIO C. BULAUITAN**
Executive Judge

NOTE: IN THE EVENT THAT THE DATE OF HEARING DOES NOT TAKE PLACE ON SAID DATE IT SHALL BE HELD ON JULY 6, 2026 AT THE SAME TIME AND PLACE WITHOUT FURTHER NOTICE.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Date: June 29, 2026**

# NWRB, itinigil muna ang irigasyon upang unahin ang household supply

Pansamantalang itinigil ng National Water Resources Board (NWRB) ang release ng tubig para sa irigasyon upang bigyang-priyoridad ang supply sa Metro Manila.

Ayon kay Executive Director Sevillo David Jr., mahalagang unahin ang tubig para sa kabahayan at komersyal na gamit sa gitna ng patuloy na pagbaba ng antas ng Angat Dam.Nakaboteng Tubig

Ngayong araw, naitala ang water level ng Angat Dam sa halos 166 meters, mas mababa ng 14 meters sa minimum operating level na 180 meters.

Dahil dito, pinutol muna ang alokasyon para sa irigasyon sa Bulacan at Pampanga, na karaniwang nakikinabang sa tubig mula sa dam. Patuloy na binabantayan ng NWRB ang sitwasyon at inaasahang maglalabas ng karagdagang abiso kung magpapatuloy ang pagbaba ng antas ng tubig.

Batay sa datos ng DOST, ang pagbaba ay dulot ng kakulangan ng ulan sa rehiyon at epekto ng El Niño phenomenon na nagpapatindi ng tagtuyot.

Pinayuhan ng ahensya ang publiko na magtipid sa paggamit ng tubig at maging handa sa posibleng mas mahigpit na rationing kung hindi bubuti ang kondisyon ng dam sa mga susunod na linggo.

Ang Angat Dam ay pangunahing pinagkukunan ng tubig ng Metro Manila, na nagsusuplay ng mahigit 90% ng kabuuang pangangailangan ng rehiyon.



# Halos 67-K ektarya ng mga sakahan, posibleng maapektuhan ng bagyong Francisco

Binabantayan ng Department of Agriculture (DA) ang epekto ng bagyong Francisco sa sektor ng pagsasaka, lalo sa Luzon na pangunahing naaapektuhan sa naturang bagyo.

Ayon sa ahensiya, maaaring aabot sa 66,997.01 hectares ng standing crops ang maapektuhan ng bagong bagyo.

Ito ay binubuo ng kabuuang 53,652.72 ektarya ng mga palayan at 13,344.29 ektarya ng mga maisan.

Malaking porsyento sa mga ito ay pawang nasa seedling at reproductive stage pa lamang.

Posibleng lalo pang lalawak ang mga maaapektuhang lugar habang lumalakas ang bagyo kung saan ang inisiyal na natukoy na naapektuhan ay ang Mimaropa Region, Bicol Region, Central Visayas, Eastern Visayas, Northern Mindanao, Davao Region, Caraga Region, Cagayan Valley, at Central Luzon.

Ayon sa DA, nakapaglabas na rin ito ng abiso sa mga regional office na bantayan ang sitwasyon ng mga magsasaka at ng mga sakahang maapektuhan sa pananalasa ng bagyo.

Sa kabila nito, naniniwala ang ahensiya na ang mga serye ng pag-ulan na dulot ng bagyo ay posibleng mas magiging kapaki-pakinabang pa para sa mga magsasaka, dahil sa naunang epekto ng summer o tag-init.

# Cayetano, sinagot ang magkapatid na Tulfo, Lacson sa pagpuna sa kanyang pagpe-Facebook

Sinagot ni senator Alan Peter Cayetano ang mga kritiko ng kanyang madalas na pagla-live sa Facebook, kabilang ang magkapatid na sina senator Raffy Tulfo at senator Erwin Tulfo.

Sa kanyang Facebook Live, sinabi ni Cayetano na hindi niya nauunawaan kung bakit siya pinupuna dahil sa madalas na paggamit ng social media, gayong gumagamit din naman umano nito ang mga Tulfo.

Ayon pa kay Cayetano, mas marami raw nanonood sa kanyang mga online broadcast dahil nais umano ng publiko na marinig ang kanyang panig at ang kanyang bersyon ng katotohanan.

Inakusahan din niya sina Raffy at Erwin Tulfo, pati si Senator Ping Lacson, na umano'y nagpapalitan lamang sa pagpuna at pagpapakalat ng maling impormasyon laban sa kanya.

Matatandaang naging sentro ng batikos si Cayetano dahil sa madalas niyang pagpe-Facebook Live sa gitna ng pagliban ng kanyang grupo sa mga sesyon ng Senado noong siya pa ang Senate President.

Madalas namang sabihin ng magkapatid na Tulfo na mas dapat niyang unahin ang pagdalo sa mga sesyon kaysa ang pagpo-post sa social media.

Kasabay nito, muling umingay ang usapin matapos ihayag ni Senator Ping Lacson na tinatayang nasa P700 million ng pondo ng bayan ang umano'y nasayang sa loob ng 28 araw na pamumuno ni Cayetano sa Senado.



Hindi direktang itinanggi ni Cayetano ang naturang halaga. Sa halip, sinabi niyang pareho lamang umano ang magiging gastusin ng Senado kahit sino pa ang nakaupong Senate President sa panahong iyon.

# Iranians, nagwalk-out sa Swiss venue matapos magbanta ng pag-atake si Trump kaugnay ng suporta ng Islamic Republic sa Hezbollah

Nag-walkout ang delegasyon ng Iran mula sa venue ng negosasyon sa Switzerland, na naglalayong wakasan ang digmaan sa Middle East, matapos magbanta ng pag-atake si US President Donald Trump laban sa Islamic Republic dahil sa suporta nito sa grupong Hezbollah sa Lebanon.

Ayon sa ulat ng Iran state media (IRNA), lumabas ang delegasyon ng Iran sa Bürgenstock Resort matapos ang kanilang pakikipagpulong sa delegasyon ng Qatar na nagsisilbing isa sa mga tagapamagitan. Kasabay nito, nag-post din si Trump sa X (dating Twitter) upang ulitin ang kaniyang mga babala at pahayag laban sa Iran.

Sa kabila ng insidente, binigyang-diin ng isang diplomat na may kaalaman sa mga pag-uusap na hindi pa lubusang sumusuko ang panig ng Iran sa mga negosasyon at nananatili pa rin silang "engaged."

Nauna nang nagbanta si Trump na aatakehin ang Iran kung hindi nito agad pipigilan ang tinawag niyang mga bayarang "proxies" sa Lebanon na gumagawa ng kaguluhan.

Agad naman itong tinugunan ng Islamic Republic. Ayon kay Mohammad Bagher Ghalibaf, ang chief negotiator ng Iran, makabubuting mag-ingat ang US sa mga pahayag nito dahil handa ang kanilang sandatahang lakas na tumugon sa ibang pamamaraan.

Samantala, ayon sa isang senior US diplomat, inaasahang ipagpapatuloy ang mga negosasyon sa pagitan ng US at Iran gabi nitong Lunes.

Sinimulan ang US-Iran talks noong Linggo, matapos ang kasunduan ng dalawang panig noong nakaraang linggo na magkaroon ng deal sa loob ng 60 araw para waksan na ang giyera sa Middle East.



## Trump, nagbabala sa Iran na muli silang aatake kung magmamatigas itong buksan ang Strait of Hormuz

Nagbanta si U.S. President Donald Trump na muling magsasagawa ng military action ang U.S. laban sa Iran kung magmamatigas itong buksan ang Strait of Hormuz, isang pangunahing rutang dinaraanan ng langis at kalakal sa mundo.

Ginawa ni Trump ang pahayag matapos muling i-anunsyo ng Iran ang posibilidad ng pagsasara ng Strait of Hormuz.

Ayon sa Iran, hindi pa natutupad ng Estados Unidos ang mga pangako nito kaugnay ng pagpapahinto ng giyera sa Lebanon, dahilan upang hindi muna sila makipag-usap tungkol sa mas sensitibong mga isyu gaya ng kanilang nuclear program.

Sa kabila nito pinangunahan ni U.S. Vice President JD Vance ang pakikipagpulong sa mga opisyal ng Iran, sa tulong ng mga mediator mula sa Qatar at Pakistan.

Binigyang-diin din niya na nais parin ni Trump na magkaroon ng bagong pag-uusap sa relasyon ng Estados Unidos at ng mamamayan ng Iran.

Napag-alaman na hindi rin nagkaroon ng anumang joint appearance ang mga kinatawan ng dalawang bansa.

Nakipagkita lamang sandali si Iranian Foreign Minister Abbas Araqchi sa isa sa mga mediator na si Shehbaz Sharif, ngunit hindi siya nakipag-usap kay Vance.

Nanindigan naman ang Tehran na hindi uusad ang susunod na yugto ng negosasyon, kabilang ang mga usapin sa nuclear program nito, hangga't hindi natitigil ang labanan sa Lebanon at hindi natatanggap ang mga ipinangakong benepisyo sa ekonomiya ng bansa.



## Sunshine Cruz handa ng bumalik sa paggawa ng mga pelikula

Nakatakdang bumalik sa paggawa ng mga pelikula ang aktres na si Sunshine Cruz.

Mahigit tatlong taon itong namahinga dahil sa pakikipaglaban sa sakit na myasthenia gravis isang uri ng sakit sa pagitan ng muscle at nerves.

Sa kaniyang social media account ay sinabi nito na maraming mga proyekto itong tinanggihan noong nakaraang tatlong taon.

Dagdag pa nito na tinututukan niya sa loob ng tatlong taon ang kaniyang kalusugan.

Nakakuha na rin ito ng clearance mula sa kaniyang neurologist at pinayagan siyang gumawa ng pelikula.

Labis itong nasasabik sa pagbabalik sa pelikula at paggawa ng ilang proyekto sa showbiz.

Subalit paglilinaw niya na nakatutok pa rin ito sa kaniyang kalusugan at hindi naman masama ang paggawa ng pelikula sa loob ng dalawang araw.

Taong 2025 ng ibinunyag ng aktres ang kaniyang sakit na naapektuhan ang ilang bahagi ng kaniyang mukha.

Maraming mga fans at kaibigan naman nito ang nasiyahan dahil sa magandang balita kung saan sabik ang mga ito na mapanood siya.



## Starmer, magre-resign na bilang prime minister ng UK

Inanunsyo ni Keir Starmer sa harap ng 10 Downing Street na siya ay magbibitiw bilang Prime Minister ng United Kingdom at lider ng Labour Party. Ayon kay Starmer, tinanggap niya "ng buong paggalang" ang desisyon ng kanyang parliamentary party na hindi na siya ang pinakamainam na mamuno sa susunod na halalan.

Si Starmer, na nagdala sa Labour ng landslide victory noong 2024, ay naharap sa pagbagsak ng popularidad ng partido at matinding presyur mula sa mga kasamahan.

Itinakda niya ang Hulyo 9 bilang simula ng nominasyon para sa bagong lider, na inaasahang makakumpleto bago bumalik ang Parliament sa Setyembre.

## British aktres Emaa Hussen nahaharap sa kaso dahil sa pagpupuslit ng iligal na droga sa Australia



Nahaharap sa kaso ang British actress na si Emaa Hussen dahil sa pagtatangka nitong magpuslit ng nasa 320kg na iligal na droga papasok sa Australia na galing sa West Africa.Live Radio Streaming

Maaring mahatulang panghabambuhay na pagkakulong ang 34-anyos na aktres kapag napatunayan ang pagpuslit nito ng methamphetamine.

Base sa imbestigasyon na kasama ng aktres ang mag-asawa mula sa South Australia na nagtangkang magpuslit ng droga na itinago sa lagayan ng mga uling mula sa containers ng Ghana.

Nagkakahalaga ang nasabing iligal na droga ng aabot sa $208-M.

Una ng nakapag-refused bail ang aktres at haharap muli sa korte sa buwan ng Agosto.

Bumida ang aktres sa pelikulang "Hummingbird" kasama ang aktor na si Jason Statham noong 2013.

## Hollywood aktres Daveigh Chase pumanaw na



Pumanaw na ang Hollywood actress na si Daveigh Chase sa edad 35. Kinumpirma ng kaniyang nobyong si Roy Hernandez ang pagpanaw ng aktress dahil sa meningitis, isang uri ng infection sa dugo. Ilang linggo itong nanatili sa pagamutan sa Los Angeles kung saan dahil sa nasabing sakit ay nagdulot ito sa kaniya ng septic issues na nagtapos sa kaniyang pagbagsak ng katawan. Nakilala siya sa likod ng boses ng Disney film na "Lilo & Stitch" noong 2002 at sa TV show na "Spirited Away". Taong 2002 ay naging kontrabida ito sa horror film na "The Ring" at nakamit niya ang MTV Movie Award para sa Best Villain.


## US television director James Burrow pumanaw na, 85

Pumanaw na ang kilalang director na si James Burrows sa edad na 85.

Kinumpirma nito ng kaniyang pamilya subalit hindi na binanggit pa ang sanhi ng kamatayan nito. Nasa mahigit 50 taon nagtagal ang kaniyang career kung saan nagwagi ito ng 11 Emmy Awards at limang Directors Guild of America Awards.

Kilala siya bilang co-creator ng "Cheers" na nakagawa ng mahigit 1,000 episodes at ilang TV comedy classics gaya ng "Friends", "Big Bang Theory" at "Will and Grace".

Isinilang sa Los Angeles noong 1940 kung saan lumaki siya sa New York.Dumalo siya sa graduate programme ng Yale School of Drama at doon nagkaroon ng unang karanasan sa paggaw ng pelikula.



## Spain, humaharap sa unang heatwave; 40°C naitala sa Madrid

Nasa ilalim ngayon ng matinding init ng panahon ang Spain matapos maranasan ang first official heatwave ngayong 2026, kung saan umabot sa humigit-kumulang 40 degrees Celsius ang temperatura sa Madrid.

Ayon sa mga report, maraming turista at lokal na residente ang nahirapang ma-adopt ang sobrang init, lalo na sa mga matataong lugar gaya ng El Rastro flea market.

Nabatid na may ilang turista rin ang gumamit pa ng portable electric fan at nagsuot ng puting damit upang kahit papaano ay maibsan ang init habang naglalakad.

Ayon sa Spanish weather agency, 13 sa 17 rehiyon sa Spain ang nasa orange heat alert, habang ang Basque Country ay nakararanas ng red alert—pinakamataas na babala dahil sa matinding init.

Inaasahang magpapatuloy ang heatwave hanggang sa araw ng Huwebes.Nagbabala ang mga awtoridad sa posibleng epekto nito sa kalusugan, lalo na sa mga matatanda at mga vulnerable na grupo, at sa pagtaas ng panganib ng mga wildfire.Dahil sa matinding init, ilang bansa sa Europa ang nagpatupad na rin ng mga hakbang tulad ng babala sa pag-biyahe, alcohol restrictions, at pagsasara ng ilang public areas gaya ng fan zones sa football events






**"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"**

**Taytay RTW Base**

**Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay San Jose, Tarlac, Philippines**

**Contact No.# 09460277182**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: June 29 - July 05, 2026




**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**

**Contact : Juliana Diesta # 09052264801**

**krusty.ebox@gmail.com**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: June 29 - July 05, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: June 29 - July 05, 2026



# CROSSWORDS

## Across

1. Voting faction
5. Botanical transplant
10. Post that's bigger than a gig
13. Like chocolate lava cake
14. "Folklore" music artist Swift
15. "__ seen worse"
16. Disc-tossing team sport
19. "Aw, so sweet!"
20. Like elevator music
21. Chicken __ king
22. Actor Cariou
23. Contest played on a star-shaped board
32. Ascends
33. South African language with click consonants
34. Tuna roll topper
35. Some hazy brews, for short
36. Piano pieces for four hands
37. "You're not wrong"
38. 28-Down amenity, maybe
39. Ballet class rail
40. Plump pet, slangily
41. Pool hall activity
44. __ de la Cité: Notre-Dame home
45. Coffee container
46. Not much
50. Spine-tingling artwork?
54. Nintendo player's side quest, or what the circled letters of 16-, 23-, and 41-Across create
56. Cenozoic __
57. Like alpacas
58. A bird flying into the house, say
59. Cold War operative
60. Agreements
61. Bit of headway

## DOWN

1. Like dry champagne
2. Disney girl who teaches Stitch the meaning of ohana
3. Prefix meaning "eight"
4. Sequences of tight turns on racecourses
5. Frontier departure point?
6. Marbled bread
7. Italian sports car, briefly
8. Unshaped
9. NYC nabe south of SoHo
10. Align (with)
11. Roasting appliance
12. Red root vegetable used in some dyes
14. Breezy goodbyes
17. Cocktails made with lime, vodka, and ginger beer
18. Dishwasher's station
23. Like tempura
24. River-dwelling mammal that can't swim
25. Sci-fi writer Asimov
26. Area far from downtown
27. French darling
28. Tourist's base
29. __ in judgment
30. Tournament division
31. Tries to find
36. NBC news show since 1992
37. "What a relief!"
39. I-495 in Washington, D.C., e.g.
40. About, in dates
42. Toy that may get stuck in a tree
43. Greg Evans comic strip
46. Grows older
47. In-person fantasy event, casually
48. "Thinking about it"
49. LAX projections
50. Lack of objectivity
51. Unlikely to get out of hand
52. "Darn straight"
53. Sleeping bag spot
55. "__ Haw"



# WORD HUNT

## SONS OF ANARCHY



JAX
HALFSACK
KURT
OAKLAND
GEMMA
ABEL
HARLEY
CHARMING
CLAY
THOMAS
NERO
TIG
TELLER
TARA
WENDY
CHIBS
JUICE
BOBBY
MAYANS
WAYNE


| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | H | N | A | T | S | J | U | I | C | E | M |
| K | A | L | E | M | A | Y | A | N | S | C | E |
| C | R | S | B | R | M | R | R | E | C | H | M |
| H | L | E | L | L | O | E | A | Y | A | I | A |
| I | E | C | G | Y | H | W | G | K | U | R | T |
| B | Y | H | X | I | T | Y | A | L | Y | G | U |
| S | A | A | R | K | L | O | W | Y | I | H | F |
| Y | J | R | O | C | H | A | E | T | N | O | E |
| A | L | M | R | A | B | E | L | N | E | E | M |
| L | L | I | E | S | K | A | W | E | N | D | Y |
| C | E | N | L | F | M | L | B | O | B | B | Y |
| H | H | G | L | L | Y | C | A | J | L | A | N |
| J | X | A | E | A | T | Y | J | N | O | O | C |
| M | R | N | T | H | H | H | Y | M | D | U | E |

# Giannis Antetokounmpo, lilipat na sa Miami Heat

Pinakawalan na ng Milwaukee Bucks ang kanilang superstar na si Giannis Antetokounmpo matapos pumayag sa isang blockbuster trade kasama ang Miami Heat.

Makukuha ng Heat si Giannis at Bobby Portis kapalit ng siyam na kasalukuyan at future picks ng koponan, kabilang sina Tyler Herro, Kel'el Ware, Jaime Jaquez Jr., Kasparas Jakucionis, No. 13 overall pick, 2031 first-round pick, 2033 first-round pick, 2030 first-round swap, at 2033 second-round pick. Ito ang kauna-unahang malaking trade ngayong NBA offseason. Si Giannis ang nagdala sa Bucks sa kampeonato noong 2021 NBA Finals, kung saan tinalo nila ang Phoenix Suns sa loob ng anim na laro.

Sa naturang serye, nakuha ni Giannis ang NBA Finals MVP award, na nagbigay sa Bucks ng kanilang unang championship trophy sa loob ng 50 taon.






## Alex Eala bigong makapasok sa finals ng Berlin Open

Natapos na ang kampanya ni Pinay tennis star Alex Eala sa Berlin Open.

Ito ay matapos na talunin siya ni Linda Nosková ng Czech Republic sa semifinal round sa score na 2-6, 4-6.

Naging agresibo sa unang set pa lamang si Noskova kung saan nakuha nito ang kalamanagan na 3-1.


Sa ikalawang set ay sinubukan pa ni Eala na talunin ang ranked 13 player subalit ito ay mailap.

Ang nasabing laro ay bahagyang naantala ang pagsisimul dahil sa pagbuhos ng malakas na pag-ulan.

Makakaharap naman ni Noskova sa finals si Jessica Pegula.

PVN SPORTS

NO. VIII ISSUE NO. 48 JUNE 29 - JULY 05, 2026 ₱ 15.00



## Eman Pacquiao, nabigo kay Rodelyn Perez sa PBF title fight

Bigong makuha ni Eman Bacosa Pacquiao, anak ni neight-division world champion Manny Pacquiao, ang Philippine Boxing Federation (PBF) lightweight title matapos siyang talunin ni Rodelyn Perez sa majority decision nitong Linggo ng gabi sa DRP Sports Complex.

Itinuturing na paborito sa laban si Pacquiao dahil sa kanyang record na 8 panalo, 1 talo at 1 tabla, kabilang ang limang panalo sa knockout. Gayunpaman, hindi natinag si Perez at nagpakita ng mahusay na depensa at agresibong opensiba upang makuha ang pabor ng mga hurado. Sa pagtatapos ng laban, idineklara si Perez bilang bagong kampeon matapos makuha ang majority decision, na siyang nagtapos sa limang sunod na panalo ng batang Pacquiao mula pa noong Pebrero 2023.

Bago ang laban, hawak na ni Perez ang record na 5 panalo at 4 na talo. Kabilang sa kanyang mga naging panalo ay laban kina Nathaniel Bonggo at Conrado Tanamor.

Sa kabila ng pagkatalo, nananatiling isa si Eman sa mga inaabangang batang boksingero sa bansa. Samantala, malaking hamon naman para kay Perez ang panalo, na nagbigay sa kanya ng unang PBF lightweight title at dagdag na pagkilala sa larangan ng boksing.



## Algeria, inireklamo ang referee sa laban nila sa Argentina; Messi, sinisingil din

Nagsampa ng opisyal na reklamo ang Algerian Football Federation (FAF) sa FIFA kaugnay ng umano'y hindi patas na pamumuno ng referee sa kanilang laban kontra Argentina sa 2026 FIFA World Cup.

Ayon sa ulat, tinutulan ng Algeria ang hindi pagbigay ng parusa kay Lionel Messi matapos tumapak sa binti ng team captain nilang si Aïssa Mandi.

Sa kabila ng insidente, nakapagtala si Messi ng hat-trick na nagbigay ng panalo sa Argentina, 3-0.

Kasama rin sa reklamo ang hindi naparusahan na siko ni Alexis Mac Allister laban kay Ibrahim Maza sa ikalawang half, na ayon sa Algeria ay malinaw na dapat tinignan ng VAR.

Binanggit ng FAF na ang mga insidente ay nagdulot ng kawalan ng tiwala sa officiating standards ng torneo.

Samantala, nananatiling nakatuon ang Argentina sa kanilang susunod na laban kontra Austria, habang ang Algeria ay maghahanda laban sa Jordan sa Hunyo 23.

## Freeman, bida sa panalo ng USA kontra Australia sa World Cup

Pinangunahan ni Alex Freeman ang Estados Unidos sa kanilang makasaysayang panalo laban sa Australia, 2-0, sa pagpapatuloy ng 2026 FIFA World Cup.

Nakapagtala si Freeman ng mahalagang goal bago magtapos ang unang half, kasunod ng own goal ng Australia sa ika-11 minuto.



Ang panalo ay ikalawang sunod para sa US, na huling nakapagtala ng back-to-back wins sa World Cup noong 1930. Sa resulta, nakasiguro na ang Estados Unidos ng puwesto sa Round of 32, habang nananatiling nakikipaglaban ang Australia para sa tsansa na makausad.

Bukod sa tagumpay, naging makabuluhan ang laban dahil wala si Christian Pulisic, captain ng US, na sidelined dahil sa calf injury.

Ang panalo ng US ay nagbigay ng kumpiyansa sa kanilang kampanya sa FIFA World Cup 2026 at nagpatibay sa reputasyon ni Freeman bilang isa sa mga bagong haligi ng koponan.

## Injured Thompson out; Gomez de Liaño joins Gilas final 12

Juan Gomez de Liaño will be stepping in for injured guard Scottie Thompson for the upcoming third window of the FIBA Basketball World Cup Asian Qualifiers next month.

In a statement, the Samahang Basketbol ng Pilipinas (SBP) announced that de Liaño will take Thompson's place in the final 12 for the crucial road games against New Zealand and Australia.

The development came days before the national team's departure for Auckland, where Gilas is scheduled to hold a training camp in preparation for the July 3 clash against New Zealand and the July 6 showdown with Australia in Perth.

Gomez de Liaño provides additional scoring and backcourt depth for a Philippine squad already dealing with several key absences.

Thompson has been nursing a hamstring injury but played through Ginebra's grueling seven-game finals series in the Commissioner's Cup, where he emerged as the finals Most Valuable Player.Thompson's absence adds to the manpower concerns faced by coach Tim Cone, whose squad is also without Kai Sotto, Quentin Millora-Brown and Calvin Oftana for the window.

Big men Justine Baltazar, Mike Phillips, and Troy Rosario have been tapped to fill the void in the front court.

Leading the roster is naturalized player Justin Brownlee, who joins the national team after powering Barangay Ginebra to the PBA Commissioner's Cup championship on Wednesday.

Also included are Ginebra guard RJ Abarrientos, veteran San Miguel center June Mar Fajardo and Meralco stalwart Chris Newsome.

Completing the 12-man lineup are Japan B.League campaigners Dwight Ramos, AJ Edu, Kevin Quiambao and Carl Tamayo. The Philippines currently shares second place with New Zealand in Group A at 2-2, behind unbeaten Australia at 4-0, with Guam winless at 0-4. **(PNA)**

## Cabo Verde, may tyansa pa rin sa knockout stage ng FIFA

Buhay pa ang pag-asa ng Cabo Verde na makapasok sa knockout stage sa kanilang unang pagsabak sa FIFA World Cup.

Sa kabila ng matitinding kalaban, kabilang ang two-time World Cup winners na Uruguay at ang 2010 World Cup champion at reigning European champions na Spain, hindi natinag ang maliit na island nation. Ang dalawang laban ay nagtapos sa draw, na nagbigay ng mahalagang puntos para sa Cabo Verde at nagpapanatili ng kanilang pagkakataon na makausad sa susunod na yugto ng torneo.

Gayunman, magiging mabigat6 na hamon ito para sa kanila lalo't mas malalakas na kalaban pa ang nakahanay kontra sa kanilang koponan.